# ARALING PANLIPUNAN 5
## UNANG MARKAHAN
## QUIZ NO. 1 - REVIEWER

**TEST I. Fill in the Blanks**

**Panuto: Upang mabuo ang bawat pangungusap punan ang patlang, hanapin ang sagot sa loob ng kahon.**

| | | |
|---|---|---|
| **Pantayong** | **kuwento** | **karanasan o perspektibo** |
| **Pangkaming** | **kahulugan** | **nilikha o isinulat** |
| **historia** | **Pangsilang** | **malalim** |
| **Pangkaming** | | |

1. Ang salitang kasaysayan ay nagmula sa salitang Griyego na ____________, na ang ibig sabihin ay pagtatanong o pagsisiyasat.
2. Ayon kay Dr. Zeus Salazar, ang salitang kasaysayan ay mula sa **"salaysay"** na may kahulugang ____________ at
3. na nangangahulugang ______________.
4. Ang ______________ na pananaw ay tumutukoy sa pagsasalaysay ng kasaysayan mula sa Pilipino para sa kapwa Pilipino gamit ang sariling wika at konteksto.
5. Ang ______________ na pananaw ay salaysay ng isang Pilipino ngunit para sa dayuhan o banyagang tagapakinig.
6. Ang ______________ na pananaw ay kwento ng dayuhan para sa kapwa dayuhan.
7. Ang isang mahusay na pananaw sa kasaysayan ay dapat nakaangkla sa ____________ ng mga Pilipino, hindi lamang sa interpretasyon ng mga dayuhan.
8. Mahalaga ang kasaysayan dahil ito ay nagbibigay ng ____________ sa ating pagkatao bilang Pilipino.
9. Ang mga primaryang sanggunian ay mga dokumento o bagay na ____________ mismo sa isang makasaysayang pangyayari.
10. Ang paggamit ng tamang pananaw sa kasaysayan ay nagbibigay ng mas ___________ at makabuluhang pag-unawa sa nakaraan.
11. Ang Dr. Zeus Salazar ay kinikilalang tagapagtaguyod ng _____________ Pananaw sa pagsusuri ng kasaysayan sa Pilipinas.

LIVEWORKSHEETS

**TEST II. Matching Type**

**Panuto: Itapat ang titik ng tamang sagot mula sa Hanay B sa bilang sa Hanay A.**

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| _______ 1. Pag-aaral sa pinagmulan at kultura ng tao | A. Antropolohiya |
| _______ 2. Pag-aaral sa kilos at pag-iisip ng tao | B. Pilosopiya |
| _______ 3. Liham ng isang bayani noong panahon ng digmaan | C. Sikolohiya |
| _______ 4. Aklat na isinulat tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas | D.Sekundaryang Sanggunian |
| _______ 5. Video recording ng isang makasaysayang kaganapan | E. Primaryang Sanggunian |

**TEST III. Concept Map**

**Panuto: Sa bahaging ito, isulat ang mga salitang naiisip mo na may kaugnayan sa kasaysayan, punan ang bahagi ng kahulugan o konseptong maaaring iugnay sa mga kasaysayan sa pamamagitan ng talaan sa ibaba.**

| Kahulugan | K -<br>A -<br>S -<br>A -<br>Y - | Pinagmulan ng Konsepto |
|---|---|---|
| **Kahalagahan** | S -<br>A -<br>Y -<br>A -<br>N - | **Aplikasyon ng Kasaysayan sa Buhay** |

LIVEWORKSHEETS